

(Teacher A—Dulag community school—Binmaley) it will run as follows:

In our barrio the main occupation of the people is fishing. There are plenty of fishponds in the barrio containing milkfish or bangos. When the bangos get big enough they are sold in the market. One bangos, when big, costs fifty centavos. Many people in Dulag are rich because they are fishpond owners.

Teacher—What is the common occupation of the people in Dulag?

Pupil —Selling fish.

Teacher—What kind of fish do they sell?

Pupil —Milkfish or *bangos*.

Teacher—How much does one *bangos* cost at present?

Pupil —Fifty centavos.

Teacher—If you have 10 fish or *bangos*, how much will they cost?

Pupil —Five pesos.

Teacher—Supposed you have twenty *bangos*?

Pupil —Ten pesos.

Teacher—Why are people in Dulag rich?

Pupil —Because they have fishponds.

(To be continued)



Ang Palagitlingan

(Karugtong)

Ni Benigno Zamora

H. Sa pagpapakilala ng iba-ibang katuturan at tungkulin ng mga salita sa pangungusap kapag ang mga ito'y nagtataglay ng panlapi.

1. Ang *kay*, kapag ginagamit na panlapi upang magbigay ng diwa ng paghanga, pagkagitla, o pagdaramdam, ay ginagamitan ng gitling o kaya'y tuluyan nang ipinipisan sa salitang nilalapan. Mga halimbawa:

Kay-ganda (o *kayganda*) ng larawang ito!

Nakakain kami ng mga santol na *kay-tatamis* (o *kaytatamis*.)

Kay-bagsik-bagsik (o *kaybagsik-bagsik*) naman niyang mga aso ninyo.

Kapag ang lalapan ng *kay* ay nagsisimula sa *ka*, lalong bagay na gamitan ng gitling.

Mga halimbawa:

Kay-kaaga naman ng gising ninyo.

Hindi na siya kumibo sapagka't *kay-kaulit* mo.

Kay-kalaking mga baboy ang inaalagaan nila sa kanilang kulungan!

2. Ang *ma*, kapag inilalapi sa mga bilang o sa mga titik na ang bigkas ay sunod sa Ingles o Kastila upang mangahulugan ng *marami*, ay ginagamitan ng gitling. Mga halimbawa:

Ma-ar ang mga salitang Bumbay.

Ang mga salitang Hapon ay *ma-i*.

Ma-8 ang bilang ng mga auto sa Maynila.

Ang mga nabiling tiket sa "Sweepstake" ay *ma-2*.

3. Kapag ang *ma* ay inilalapi sa mga pang-uri sa kahulugang *maging*, ang gitling ay ginagamit. Mga halimbawa:

Lahat ng may mabuting kalooban ay pinagpapala ng Diyos — *ma-mahirap*, *ma-mayaman*.

Ma-maliit, *ma-malaki*, ay may mga pagkakataong umunlad sa isang pamahalaang tunay na demokratiko.

Sa ganitong kahulugang inilalalin ng salita ay hindi dapat kaligtaan ang paglalagay ng tuldik na mariin sa panlaping *ma* at ang paglalagay ng gitling sapagka't malamang na magkaroon ng kahulugang *marami* o *maaari*. Halimbawa: *Mamaliit* ang mga suhang ito. (Maraming maliit)

Mamayaman sa nayong iyon. (Maraming mayaman)

4. Ang *may* na nabibilang sa mga pandiwang walang banghay ay nagagamit na panlapi, tulad din ng *di*, *sa*, at iba pa. Kapag inilalapi sa salitang nagsisimula sa patinig, ang paggamit ng gitling ay sapilitan; nguni't kapag sa isang salitang nagsisimula sa katinig, ay nagkakaroon ng dalawang anyo — isang kabit at isang may gitling. Ang walang gitling ay ginagamit na pangngalan at ang may gitling ay pang-uri. Mga halimbawa:

Ang *maygawa* ng kuwadrong ito ay si Maria-no. (pangngalan)

Ang mga *maysakit* ay ginagamot na walang bayad sa mga ospital. (pangngalan)

Ang taong *may-gawa* ng kahong ito ay talagang sanay. (pang-uri)

Inilipat sa ospital ang batang *may-sakit*. (pang-uri)

Kapag inilapi ang *may* sa isang pangngalang may kabilaang panlaping *ka-an* o *han*, ay nagkakaroon ng diwa ng kauntian. Mga halimbawa:

Tila *may-kahinaan* ang pandinig ng batang iyan.

Sa palagay ko'y *may-kalakkan* sa kaniya ang nabiling sapatos.

5. Ginigitlingan ang panlaping *magka*, sa kahulugang *magkaroon*. Mga halimbawa:

Gumugol siya ng dalawampung libong piso upang *magka-bahay* lamang.

Matapos *magka-salapi* ay inubos na lahat sa sugal.

Sa sinundang mga halimbawa, ang *magka* ay ginamit na panlaping makadiwa. Kapag panlaping makauri, ang gitling ay inaalís na at ang panlapi't salitang-ugat ay lubos nang pinagpipisan. Mga halimbawa:

Sila'y *magkasukat* ng paa. (Pareho ng sukat ng paa.)

Magkaisa ng damdamin ang mga binyagan at di binyagan.

6. Ginigitlingan ang *magsa* sa kahulugang *tumulad sa*, *magtiis sa* o *magkasya sa*. Mga halimbawa:

Kung talagang wala na tayong makain, *magsa-nilugaw* na lamang tayo.

Kailangan ng isang pangulo ng Pilipinas ang *magsa-Magsaysay* upang mailapit ang pamahalaan sa bayan.

Ang isang taong marangya sa kabuhayan ay talagang mapipilitang *magsa-butiki*.

7. Ang makangalang unlaping *pagka* ay maaaring gitlingan o hindi kapag naglalalin ng *kalikasan*, *kakanyahan*, *uri* o *lagay* ng bagay na tinutukoy.

Mga halimbawa:

Tungkol sa kaniyang *pagka-tao* ay wala kaming masasabing ano mang masama.

Ano man ang kaniyang gawin ay umiiral ang *pagka-tamad*.

8. Kung inilalapi ang *pinaka* sa isang pangngalan, ginagamitan ng gitling; datapwa't kung sa pang-uri, ay hindi na. Mga halimbawa:

Sino ang *pinaka-lider* ng inyong pangkat?

Ang *pinaka-buod* ng kaniyang talumpati ay matatagpuan sa ikaanim na talataan.

Si Juanito ang *pinakamataas* sa magkakasama. (pang-uri)

9. Ang *ika*, kung inilalapi sa mga tambilang (figure) ay ginigitlingan; kung sa salitang pamilang ay hindi na. Mga halimbawa:

Dumating ang mga panauhin sa ganap na *ika-8* ng gabi.

Ang *ika-19* ng Hunyo ay kaarawan ni Dr. Jose Rizal.

Nahinto ang kaniyang pagbasa sa kabanatang *ikawalo*.

Ang *ikasampung* hanay ay inilalaan sa mga babae.

- I. Ang gitling ay ginagamit sa mga salitang binibigkas na malaw-aw. Mga halimbawa:

Huwag mo sanang *masam-in* ang sinabi ko sa iyo. Kung *gay-on*, wala na akong dapat sabihin pa.

"Sa dilim ng gabi'y walang napapansin. Kundi ang *anag-ag* ng mga bituin."

- L. Ang katagang *di*, kapag ginagamit na malapanlapi, ay karaniwang ginigitlingan. Mga halimbawa:

Ang karangalan ay naipagkakaloob din sa mga taong di-dakila.

Huwag nang bilhin ang mga gamot na *di-kailangan*.

Sa *di-kawasa'y* sa-rarating ang kaniyang mga kamag-anak.

- M. Ang katagang *sa* ay nagagamit ding malapanlapi at kung gayo'y ginagamitan ng gitling, sang-ayon sa mga katuturang sumusunod:

- a. Sa kahulugang *biglaan*. Halimbawa:

Hindi pa man kami nakapagbibihis ay *sá-sisigaw* na ang sumusunod sa amin.

Akala namin ay hindi na siya darating, nguni't walang anu-ano'y *sá-susungaw* siya sa pintuan.

- b. Sa kahulugang *kundangan* o *kasi*. Halimbawa: *Sá-buti-buti't* hindi ka nahihirapan, lumipatlipat ka pa sa ibang tanggapan.

Sá-galing-galing at magkasundo kayo, mag-uumpisa ka na naman ng gulo.

- k. Sa kahulugang *paligsahan*. Halimbawa: *Sá-talasan* ng isip ang pagtatayo ng isang negosyo.

Sá-tusuhan din naman ang pamamakyaw ng mga kalakal.

Bagaman nangabanggit na ang mahalagang gamit ng gitling sa makabagong paraan ng pagsulat sa wikang Tagalog at nangaisaanyo na ang mga patakaran at tuntunin tungkol dito, di naman nangangahulugang ang gayong paggitling ay panghabang panahon. May mga paggitling sa panahong ito na maaaring mabago o kaya'y lubusan nang mawala sa mga panahong darating, at ang mga pangyayaring iyo'y itatakda ng mga kaunlarang matatamo sa pagsulat-sulat ng mga mangangathang Pilipino.

Kahit na sa panahong ito ay may mapapansin tayong mga salitang maaaring isulat na may gitling o wala. Ito'y di-kataka-taka, sapagka't isa sa mga tungkulin ng gitling ay ang gamitin ito habang di pa napagkakaugalian ang pag-aalis niyon, o kaya'y gamitan ng gitling kung ang gayon ay makapagpapalinaw sa diwang inilalalin ng salita. Sa ano't ano man, maaahan natin ang mga pagbabago na tungo sa ikadadali ng pagsulat at ikalilinaw ng pag-unawa sa binabasa.